# Mga Benepisyo Para Sa Kabataan

Humigit-kumulang sa 4.4 milyong kabataan ang tumatanggap ng $2.5 bilyon bawat buwan dahil isa o parehong mga magulang nila ay may kapansanan, retirado o binawian na ng buhay. Ang mga dolyar na ito ay nakakatulong na makapag-bigay ng mga pangangailangan ng pamumuhay ng mga miyembro ng pamilya at makakatulong ito marahil para sa mga kabataang kumpletohin ang mataas na paaralan (high school). Kung ang isang magulang ay nagkaroon na ng kapansanan o pumanaw na, ang mga benepisyo ng Social Security ay tumutulong sa pagpapatatag ng pananalaping kinabukasan ng pamilya.

***PUNA:*** *Ang mga kabataang may kapansanan na ang mga magulang ay kaunti ang kinikita o kaunti ang mga pag-aaring yaman ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad). Makipag-alam sa amin upang makakuha ng kopya ng publikasyong* Mga Benepisyo Para sa Kabataang May Kapansanan *(Publikasyon Blg. 05-10026-TL).*

## Sino ang nakakakuha ng mga benepisyo sa bata?

Ang anak mo ay makakakuha ng mga benepisyo kung siya ay iyong biological na anak , batang inampon mo o stepchild. (Sa ilang mga kaso, maaaring may karapatan rin ang iyong anak na tumanggap ng mga benepisyo sa mga kinita ng kanyang lolo o lola.)

Upang makakuha ng mga benepisyo, ang batang ito ay dapat mayroong:

- (Mga) magulang na may kapansanan o retirado at may karapatang makakuha ng mga benepisyo ng Social Security; o kaya
- Magulang na binawian na ng buhay pagkatapos makapagtrabaho ng may katagalan sa kanyang pinapasukan na kung saan siya ay nagbayad ng mga buwis ng Social Security.

Ang bata ay dapat ding:

- Wala pang asawa;
- Mas bata sa edad na 18 taong gulang;
- Edad na 18-19 taong gulang at full-time na mag-aaral (hindi hihigit sa ika-labing dalawang 12 baitang); o
- Edad na18 taong gulang o mas may edad na at may kapansanan. (Dapat nagsimula ang kapansanan bago umabot ng ika-dalawamput dalawang 22 taong gulang.)

## Ano ang iyong kakailanganin kapag ikaw ay nag-apply para sa mga benepisyo ng mga bata

Kapag nag-apply ka para sa mga benepisyo para sa iyong anak, kailangan mo ang katibayan ng kapanganakan ng bata at ang mga numero ng Social Security ng kanyang magulang at ng sa bata. Depende sa uri ng magkahalong benepisyo, maaaring kakailanganin pa ng ibang mga kasulatan. Halimbawa, kung ikaw ay nag-a-apply para sa mga benepisyo para sa naulilang bata, kakailanganin mong magbigay ng katunayan ng pagkamatay ng kanyang magulang. Kung ikaw ay nag-a-apply para sa mga benepisyo para sa batang may kapansanan, kakailanganin mong magbigay ng medikal na katunayan upang patunayan ang kanyang kapansanan. Sasabihin sa iyo ng kinatawan ng Social Security na makikipagkita sa iyo kung anong mga iba pang kasulatan ang kakailanganin mo.

## Ang mga benepisyo ay maaaring magpatuloy sa edad na 18 taong gulang

Humihinto ang mga benepisyo kapag umabot na sa edad na 18 taong gulang ang iyong anak maliban sa kung ang anak mo ay isang mag-aaral o may kapansanan.

### Kung ang iyong anak ay mag-aaral

Mga tatlong buwan bago ang ika-labing walong 18 taong kaarawan ng iyong anak ay padadalhan ka namin ng paunawa na nagsasabing ang mga benepisyo niya ay hihinto sa edad na 18 taong gulang maliban kung ang iyong anak ay full-time na mag-aaral sa isang paaralang sekundarya (o elementarya). Kung ang iyong anak ay mas bata sa edad na 19 taong gulang at pumapasok pa rin sa paaralang sekundarya o elementarya, dapat niyang ipaalam sa amin sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang pahayag ng pagpasok na pinatutunayan ng isang opisyal ng paaralan. Ang mga benepisyo ay karaniwang nagpapatuloy hanggang sa makatapos na siya, o dalawang buwan hanggang matapos niyang abutin ang edad na 19 taong gulang, alinman sa dalawa ang mauna.

(kabila)

## Kung ang iyong anak ay may kapansanan

Ang mga benepisyo ay magpapatuloy sa edad na 18 taong gulang sa batang may kapansanan. Ang mga benepisyo para sa childhood disability (pagkabatang kapansanan) ay mababayaran din pagkatapos umabot ng edad na 18 taong gulang, kung nag-umpisa ang kapansanang ito bago siya umabot ng edad na 22 taong gulang.

## Kung nag-aalaga ka ng bata

Kung tumatanggap ka na ng mga benepisyo dahil may anak kang nasa pangangalaga mo, ang petsa ng paghinto ng iyong mga benepisyo ay maaaring naiiba sa petsa ng paghinto ng sa bata.

Kung ang bata ay walang kapansanan, ang iyong mga benepisyo ay hihinto kapag umabot na siya sa edad na 16 taong gulang.

Kung ang bata ay may kapansanan, ang iyong mga benepisyo ay maaaring magpatuloy kung tinutupad mo ang pamamahala at pananagutan ng magulang para sa anak na mayroong kapansanang pangkaisipan o kung gumagawa ka ng mga personal na serbisyo para sa batang may pang-katawang kapansanan. Bago umabot ng edad na 16 taong gulang ang bata, padadalhan ka namin ng paunawa na naglalarawan ng mga batayan upang maaaring magpatuloy ang iyong mga benepisyo.

## Gaano karami ang nakukuha ng pamilya?

Sa loob ng pamilya, ang bata ay maaaring tumanggap ng hanggang kalahati ng buong benepisyo sa pagreretiro o sa may kapansanang magulang, o 75 porsiyento batay na rin ng benepisyo sa Social Security ng magulang na binawian na ng buhay. Ganuon pa man, mayroong hangganan ang halaga ng kitang naibabayad sa pamilya. Ang pinakamataas na kabayaran sa pamilya ay pinagpapasiyahan bilang bahagi ng bawat pagkukuwenta ng benepisyo sa Social Security at maaari itong maging 150 hanggang 180 porsiyento ng buong halaga ng benepisyo ng magulang. Kung ang kabuuang halagang kabayaran sa lahat ng mga miyembro ng pamilya ay lampas sa hangganang ito, ang benepisyo ng bawat tao ay pantay-pantay na babawasin ng (maliban ng benepisyo ng sa magulang) hanggang ang kabuuan ay maging katumbas ng pinakamataas sa pinapayagang halaga.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10085-TL
Benefits For Children (Tagalog)
August 2012